

Ang Kababaihang Marking ng Morong, Rizal

Analyñ B. Muñoz

Ang kababaihang Filipina mula pa sa sinaunang kasaysayan hanggang sa kasalukuyan ay nagpamalas at patuloy na nagpapamalas ng mahahalagang papel at malaking espasyong kinalalagyan sa lipunang Filipino. Iba't ibang mukha ang nasilayan at samot-saring katawagan ang naibansag sa kababaihan sa harap ng mga malaking pagbabagong dumating sa bayan. Positibo o negatibo man ang ibinunga ng mga ito sa kanilang buhay at estado sa lipunan, ang presensiya ng mga Filipina ay hindi kailan man nawala. Sa mga pambansang pagkilos at digmaan na yumanig sa bansa, samot-saring tungkulin ang kanilang ginampanan. Mula sa mga unang pag-aalsa hanggang sa Himagsikan ng 1896 laban sa mga Espanyol; sa Digmaang Filipino-Amerikano; sa kilusang panlipunang nagpahayag ng pagtutol sa pamahalaang Filipino sa ilalim ng mga Amerikano; at hanggang sa pagkasangkot ng Filipinas sa Ikalawang Digmaang Pandaigdig, marami-rami na ring kuwentong narinig at naitala kung paanong namuhay at gumalaw ang kababaihan para sa ikabubuti ng kapuwa Filipino at ng bayan sa pangkalahatan.

Sa panahon ng pananakop ng mga Hapon, ang kababaihang Filipina ay naging bukal ng pag-asa, tapang, lakas, at inspirasyon ng bansa. Ang Morong, isa sa mga bayan sa lalawigan ng Rizal, ay nagtataglay ng mga kuwento ng kagitingan at kabayanihan ng mga Morongueña. Katuwang ang kalalakihan, hindi nila inalintana ang tindi ng panganib sa pinasukang uri ng buhay sa loob ng pangkat-gerilyang tinatawag na *Marking's Guerrillas*.

Morong: ang tinubuang lupa

Ang Morong ay isa sa mga bayang bumubuo sa Lalawigan ng Rizal. Isa ito sa pinakamatatandang munisipalidad sa mga lugar na malapit sa mga kapatagang nasa baybayin ng Laguna de Bay. Umaabot ito sa 4,865 ektarya o 48.65 kilometro kuwadrado at nahahati sa walong barangay: San Pedro, San Juan, San Jose, Bombongan, San Guillermo, Maybancal, Lagundi, at Caniogan-Calero-Lanang (Pascual at Guillermo 1978,2). Ang bayan ay halos mabundok sa pagkakahimlay nito sa paanan ng Sierra Madre. Nababalot naman ng mga patag na lupain sa paanan ng mga bundok ang kanayunan. Ang tanging tubigan na umaagos dito ay ang Ilog Morong na nagmumula sa hilaga at nagtatapos sa Lawa ng Laguna (LLDA 1979, 5-6).

Naging isang bayan ang Morong sa ilalim ng pananakop ng mga Espanyol noong 1586 at umangat ang katayuan bilang kapital ng probinsiya pagsapit ng 1853 sa pagkakabuo ng *Político-Militar Distrito de Morong* (Rizal 1967, 37-38). Ngunit ang sumunod na kolonisasyong Amerikano sa kapuluan ang nagpaliit sa katayuang